

African swine fever

Ang African swine fever (ASF) [sakit mula sa Africa na lagnat ng baboy] ay isang lubhang nakahahawang sakit ng mga baboy na mabilis na kumakalat sa Silanganing Europa, Tsina at Timog-Silangang Asia.

Ang biglang paglitaw ng ASF sa Australya ay magkakaroon ng mahalagang epekto sa kalusugan ng baboy, produksiyon ng baboy, at makasisira sa industriya ng baboy sa Australya kung ito ay makapapasok.

Ang sakit ay naikakalat sa pamamagitan ng direktang kontak sa mga baboy na may impeksiyon, kontaminadong mga sasakyan, kagamitan o kasuotan, at sa pamamagitan ng pagpapakain sa mga baboy ng may impeksiyong swill o tira-tirang karne.

Walang makukuhang bakuna o gamot. Mahalaga na huwag nating papasukin ang ASF sa Australya, at kailangan namin ang inyong tulong.

Mahalaga ang pagkakaroon ng matatag na mga gawi na pang-biosecurity at pangkalinisan.

- Ang ASF ay maaaring madala ng mga tao sa kanilang balat, kasuotan, suot sa paa at sa kanilang buhok. Kapag ikaw o ang iyong mga manggagawa ay papasok sa isang farm o sa lugar ng produksiyon, tiyaking kayo ay gagamitin ng:
- mga kagamitang nasa mismong farm na iyon, mga bota at kagamitan kung ibinibigay
- isang hugasan ng paa para sa suot sa paa
- isang angkop na pangdisimpekta, gaya ng Virkon S o chlorine, para sa pagdisimpekta ng kagamitan.
- Kapag ikaw o ang iyong mga manggagawa ay lilisan sa farm o lugar ng produksiyon, laging magdisimpekta ng mga bota, mga kasuotan, mga sasakyan at anumang kagamitan na lilisan sa sityo.
- Laging maghugas ng inyong mga kamay gamit ang sabon at tubig bago, at matapos, humawak ng mga hayop.

Pag-iingat para sa manggagawang mula sa ibang bansa.

- Ang mga tao na nagkaroon ng kontak sa mga baboy sa kanilang bansa ay dapat maghintay ng pitong araw bago magkaroon ng kontak sa mga baboy sa Australya, o iwasang magkaroon ng kontak sa anumang paraan.
- Ang mga manggagawa ay hindi dapat magdala sa Australya ng anumang mga kasuotan o kagamitan na ginamit sa mga baboy sa kanilang bansa.

Protektahan ang inyong propyedad

Humanap ng mga resource (mapagkukunan) upang tulungan kayong panatilihin malinis ang inyong farm sa website ng Farm biosecurity sa farmbiosecurity.com.au

Kung ito ay tila kahina-hinala, tawagan kami sa 1800 675 888.

Alamin ang mga senyales.

Ang maagang pagtuklas ay susi sa pagpuksa ng sakit. Kabilang sa mga sintomas ng ASF ang:

- biglang pagkamatay o pagkamatay sa loob ng isa-dalawang araw
- pagmamantsa ng balat, lalo na ang mga tainga
- pagkawala ng ganang kumain
- pagkukulumpo o pagtatago sa mga sulok
- pagtatae, na maaaring may kasamang dugo.